

## APPLICATION

- Paano nabago ng pag-ibig at kabaitan ng Diyos ang buhay mo? Paano ka pa lalago sa iyong pagkaunawa sa dakilang pag-ibig ng Diyos para sa iyo ngayong linggo?
- Paano naapektuhan ng dakilang pag-ibig ng Diyos kung paano natin nakikita at minamahal ang ibang tao? Kanino mo maipapakita ang dakilang pag-ibig na ito?
- Paano mo maipapakita araw-araw ang pagiging mapagbigay? Kanino ka maaaring maging pagpapala ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang dakilang pag-ibig, awa, at biyaya na ipinakita sa atin.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na makita ang iba kung paano Niya sila nakikita, nang may kabaitan at awa. Ipanalangin na lagi kang tutugon sa iba nang may pagmamahal.
- Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng pagpapala ng Diyos ngayong linggo.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

FILIPINO WEEK 4

# SELFLESS

## Pagkamaawain

### NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

### WARM-UP

- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan natuwa ka dahil sa isang sorpresa. Ano ang nangyari at ano ang naramdaman mo?
- Sino ang pinakamapagbigay na tao na kilala mo? Ano ang nagawa niya para sa iyo o para sa iba?
- Ibahagi ang isang sakripisyong ginawa ng isang mahal mo sa buhay para sa iyo.

## WORD

<sup>4</sup>Ngunit napakamaawain ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, <sup>5</sup>na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo. (Kaya naligtas tayo dahil lamang sa biyaya ng Diyos.) <sup>6</sup>At dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay kasama ni Cristo, para maghari tayong kasama niya sa kaharian sa langit. <sup>7</sup>Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus. **MGA TAGA-EFESO 2:4-7**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 2:8-10**.)

---

Ang tanging paraan upang magawa nating mahal in ang iba ay ang maintindihan kung gaano tayo kamahal ng Diyos. Ang pagsasalita, pagbabasa, at pakikipag-usap tungkol sa pag-ibig ay iba sa pagdanas sa pag-ibig ng Diyos. Maibibigay lamang natin kung ano ang mayroon tayo at kung ano ang natanggap natin mula sa Diyos, ang Kanyang labis at walang pasubaling pagmamahal sa atin. Sa araling ito, pag-uusapan natin ang pag-ibig at biyaya ng Diyos at kung paano natin ito maipakikita sa iba.

## 1 Ang Dakilang Pag-ibig ng Diyos

<sup>4</sup>Ngunit napakamaawain ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, <sup>5</sup>na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo. (Kaya naligtas tayo dahil lamang sa biyaya ng Diyos.) <sup>6</sup>At dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay kasama ni Cristo, para maghari tayong kasama niya sa kaharian sa langit. **MGA TAGA-EFESO 2:4-6**

Ang pag-ibig ay sinimulan ng Diyos. Ang dahilan kung bakit naipakikita natin ang ating pag-ibig sa iba ay dahil *una Siyang umibig sa atin* (1 Juan 4:19). Ipinakita Niya ang Kanyang labis-labis na pag-ibig nang ipinadala Niya si Jesus sa lupa upang mamatay para sa atin. Ipinagpalit ni Jesus ang langit para sa ating kapakanan *na kahit mayaman siya doon sa langit ay nagpakadukha siya dito sa mundo . . . para sa pamamagitan ng kanyang kahirapan ay maging mayaman tayo* (2 Corinto 8:9). Posible ang magmahal dahil ginawa Niya itong posible. Dahil sa Diyos nagmumula ang pag-ibig, ano ang iniuutos sa atin ng Bibliya? (1 Juan 4:7)

---

---

## 2 Ang Dakilang Pagpapala ng Diyos

<sup>7</sup>Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus. <sup>8</sup>Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo. <sup>9</sup>Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman. <sup>10</sup>Nilikha tayo ng Diyos; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, para gumawa tayo ng kabutihan na noon pa'y itinalaga na ng Diyos na gawin natin. **MGA TAGA-EFESO 2:7-10**

Labis na pinagpapala ng Diyos ang Kanyang mga anak. Ang biyaya ng Diyos ay Kanyang handog at hindi bunga ng kung anumang nagawa natin. Ang simula ng mabubuting gawa natin ay bunga ng ginawa ng Diyos sa atin. At dahil gusto Niya na gawin tayong bahagi ng Kanyang gawain, ginagamit Niya tayo na maging daluyan ng Kanyang pagpapala sa iba. Paano nakikita ang labis na pagpapala ng Diyos sa buhay mo? Paano ka nagiging daluyan ng pagpapala ng Diyos?

---

---